Mga madalas itanong
Mga ulat ng bawat estudyante

NAPLAN

2021

Ang NAPLAN ay pambansang pagtatasa sa pagbasa't pagsulat at pagbilang na kinukuha ng mga estudyante na nasa mga Taong 3, 5, 7 at 9 sa May ng bawat taon. Ang kasanayan sa pagbasa't pagsulat at pagbilang ay mahalagang batayan sa lahat ng pag-aaral. Ang NAPLAN ay ang nag-iisang pambansang pagtasa na maaaring kukunin ng lahat ng mga bata sa Australya. Ang mga tanong ay natata-sa sa nilalaman ng Kurikulum ng Australya: Ingles at Matematika.

Ang mga resulta sa NAPLAN ay nagpapakita sa mga magulang/tagapag-alaga at mga nagtuturo na makita kung paano umuunlad ang mga estudyante sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang sa pagdaan ng oras – bilang indibidwal, bahagi ng kanilang komunidad sa paaralan, at kumpara sa mga pambansang pamantayan.

Ang mga pagsusulit ng NAPLAN ay isang aspeto sa proseso ng pagtatasa at pag-uulat ng bawat paaralan, at hindi ito pinapalitan ang mga malawak at patuloy na pagtatasa na ginagawa ng mga guro tungkol sa pagganap ng bawat estudyante. Ang guro ng iyong anak ay magkakaroon ng mas mabuting kabatiran sa pag-unlad ng pag-aaral ng iyong anak. Kasama sa mga ibang ulat ng pagtatasa sa paaralan, ang mga ulat ng NAPLAN ay maaaring gamitin sa pagtalakay sa mga bahaging may galing at kailangang mapahusay tungkol sa iyong anak na kasama ang kanilang guro.

Kailan ko matatanggap ang ulat ng NAPLAN ng aing anak at ano ang ilalantad nito?

Kung ikaw ay isang magulang/tagapag-alaga ng isang estudyante na kumuha ng mga pagsusulit sa NAPLAN noong Mayo ngayong taon, ang paaralan ng iyong anak ay magbibigay ng tig-isang ulat sa mga resultang nakuha ng iyong anak.

Maaari mong matatanggap ang ulat tungkol sa NAPLAN ng iyong anak mula Agosto, kapag ang mga awtoridad sa pamamahala ng pagsusuri sa estado at teritoryo (www.nap.edu.au/taa) ay nakapagbigay na sa mga paaralan ang mga ulat sa NAPLAN ng bawat estudyante.

Makikita mo ang limang sukat ng nagawa (o 'rocket ships') na nagpapakita ang mga resulta ng iyong anak sa NAPLAN tungkol sa pagbasa, pagsulat, pagbaybay, balarila at bantas at pagbilang.

Ang mga resulta sa pagtatasa ng mga nasa Years 3, 5, 7 at 9 sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang ay naiulat sa isang sukat mula Band 1 hanggang Band 10. Ang sukat na ito ay kumakatawan sa tumataas na lebel ng karunungan, pag-unawa at kasanayan na nakita sa mga pagtatasa.

Paano gagawin ang NAPLAN sa mga paaralan?

Ang NAPLAN ay magiging online, ang layunin ay upang lahat ng mga paaralan gagawa ng mga pagsusuri mula sa papel patungo sa online sa 2022.

Nangangahulugan nito na sa Mayo 2021 may mga estudyante na kukuha ng NAPLAN sa papel, habang may mga ibang kukuha sa mga pagsusuri sa online.

Ang NAPLAN Online ay nagbibigay ng mas mahusay na pagtatasa, mas tamang mga resulta at mas nakakawili sa mga estudyante.

Paano ko babasahin ang ulat?

Sa bawat 'rocket ship', may pangungusap na nagsasabi kung ang iyong anak ay kumuha sa bawat pagtatasa sa online o sa papel. Lahat ng mga estudyante sa Year 3 ay kukuha ng pagsusuri sa papel.

Ngunit kahit ang mga estudyante as kukuha sa pagsusuri sa online o sa papel:

- ang mga estudyante ay matatasa ng mga parehong kasanayan sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang na itinuro sang-ayon sa nilalalaman ng kurikulum
- ang mga resulta ng pagsusuri ay patuloy na masusukat sang-ayon sa kaparehong sukatan sa NAPLAN, ibig sabihin na ang mga resulta sa dalawang porma ay naihahambing.

Ang NAPLAN ay isang mahalagang gamit na nagbibigay ng nakakatulong na pananaw sa nagawa ng bawat estudyante sa paglipas ng oras, ngunit ang lahat na bawat ulat ay dapat intindihin na may pag-iingat dahil ang mga ito ay nagsasalamin sa pagganap ng estudyante sa araw ng pagsusuri.

Ang pinaka-maykaugnayang anim na band sa bawat year level ang maipakita sa ulat ng estudyante. Ang ulat sa Year 3 ay nagpapakita ng bands 1–6, ang ulat sa Year 5 ay nagpapakita ng bands 3–8, ang ulat sa Year 7 ay nagpapakita ng bands 4–9, at ang ulat sa Year 9 ay nagpapakita ng bands 5–10. Ang mga balangkas sa ulat ng estudyante ay nagpapakita ng hanay para sa gitnang 60 porsiyento sa mga estudyante, ang pangkaraniwang pambansang resulta at ang pinakamababang pamantayan ng bansa para sa bawat lebel ng pag-aaral. Ang mga ulat sa ilang mga estado at teritoryo ay nagpapakita ng pangkaraniwan (average) ng paaralan at/o estado. Ang ulat ay nagbubuod din sa mga kakayahan na ipinapakita ng mga estudyante sa mga pagtatasa sa bawat pangkat.

Paano makatulong ang NAPLAN sa aking anak?

Nagbibigay ang NAPLAN ng pagkakataon sa mga estudyante na magpakita kung ano ang kanilang natutuhan sa mga panig ng pagbasa't-pagsulat at pagbilang. Ang mga resulta ng bawat estudyante ay magpapakita sa mga magulang/tagapag-alaga kung paano ang kanilang anak ay gumanap sa mga pagsusuri sa pagbasa, pagsulat, pagbaybay, balarila at bantas at pagbilang.

Ang mga nagawa ng iyong anak are ikukumpara sa mga nagawa ng lahat ng mga estudyante sa Australya, hindi lamang sa mga nagawa ng kanilang mga kaklase. Ang mga resulta sa NAPLAN ay maaaring makatulong sa mga magulang at mga estudyante na mapag-usapan ang pag-unlad ng bawat estudyante sa mga guro. Dahil ang NAPLAN ay sumasabaybay sa pag-unlad ng iyong anak sa Years 3, 5, 7 at 9, ito ay nagbibigay din ng walang-kinikilingang impormasyon tungkol sa pagsulong sa nakakamit ng estudyante sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang.

Ano ang epekto ng mga resulta sa hinaharap ng aking anak?

Ang mga resulta ng NAPLAN ay magbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang na pinag-aaralan ng iyong anak ay sa pamamagitan ng kanilang regular na kurikulum sa paaralan. Ang mga resulta ay katulong sa ibang mga pagtatasa na ginawa ng iyong anak sa paaralan. Nagbibigay sa iyo at mga guro ng iyong anak ng magagamit sa pagiintindi ng mga nagawa at pag-unlad ng iyong anak sa panahon ng pagtatasa. Ang impormasyon ay maaaring magamit upang suportahan ang iyong anak na makamit ang kanyang buong potensyal.

Ang ilang mga paaralan ay maaaring humingi ng mga ulat ng NAPLAN, dagdag sa mga ulat ng paaralan, bilang bahagi ng proseso ng kanilang pagpapasok. Ang mga pagtatasa ng NAPLAN ay hindi dinisenyo upang maging isang pagsusuri upang makapasok sa isang paaralan. Ngunit, ang mga resulta ay maaaring nakatulong sa pagpapabatid sa bagong paaralan ng mga pangangailangan ng isang estudyante. Kung mayroon kang anumang pag-aalala, hinihikayat ng ACARA na kausapin sila at ang paaralan.

Paano makakatulong ang NAPLAN sa aking paaralan?

Ang NAPLAN ang nag-iisang pambansang pagtatasa na gagawin ng mga bata sa Australya. Ang NAPLAN ay nakakatulong sa:

- mga guro na mas mahusay nilang makilala ang mga estudyanteng nangangailangan ng mga paghamon o dagdag na suporta
- mga paaralan na makilala ang mga bahaging malakas at may kakulangan sa mga programa sa pagtuturo
- mga paaralan na magtakda ng mga layunin sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang
- mga sistema ng paaralan sa pagrerepaso ng mga programa at suporta na ibinibigay ng mga paaralan
- ang komunidad na makita ang mga pangkaraniwang resulta ng paaralan sa website ng MySchool.

Ang NAPLAN ay sumusuporta din sa ibang mga pagtatasa ng paaralan at nagbibigay ng mga naikukumparang datos sa boung bansa upang tumulong sa mga pamahalaan na suriin kung paano gumagana ang mga programang pang-edukasyon at kung ang mga estudyante ay nakakatupad sa mga mahahalagang pamantayan ng pagbasa't-pagsulat at pagbilang.

Sino pa ang makakakita sa mga resulta?

Bawat taon, ang mga awtoridad na namamahala sa pagsusuri ay nagbibigay sa mga paaralan ng mga resulta sa lahat ng mga estudyante na kumuha sa NAPLAN. Hinihikayat ang mga paaralan na gamitin ang mga resulta sa pagpaplano sa pagpapahusay ng buong paaralan. Ang mga ulat ng bawat estudyante ay kompidensyal. Walang tao liban sa lokal na awtoridad na namamahala sa pagsusuri o ang iyong paaralan ang makakakita sa ulat ng iyong anak.

Ang mga pangkaraniwang resulta ng paaralan ay inilalabas sa publiko sa *MySchool* (www.myschool.edu.au). Ang mga resulta ng nakaraang taon ay inilalagay sa website sa unang tatlong buwan ng bawat taon. Ang *MySchool* ay nagpapahintulot sa komunidad na tingnan ang mga aspeto ng bawat kabuuan ng paaralan, gayun din na gumawa ng mga paghahambing sa mga paaralan na magkakapareho ang kalaki ng bilang ng mga estudyante. Ang mga bawat resulta ng iyong anak ay hindi makikita sa *MySchool*.

Ano ang mangyayari kung ang mga resulta ay kasalungat sa mga inaasahan namin ng aking anak?

Ang mga pagsusuri sa NAPLAN ay nagtatasa sa pag-unlad ng pag-aaral sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang. Ang mga estudyante ay nabibigyan ng pahiwatig kung saan nakalagay ang kanilang mga resulta sa sukat ng pagtatasa sa bawat pagsusuri. Habang ang mga resulta sa NAPLAN ay maaaring paghahambingin ang mga lahat ng mga estudyante sa mahabang panahon ang karanasan ng isang estudyante sa araw ng pagsusuri ay maaaring makakaapekto sa kanilang pagganap.

Kung mayroon kayong mga katanungan o pag-aalala tungkol sa mga resulta sa NAPLAN ng iyong anak, dapat pag-usapan ang mga ito sa guro ng iyong anak na siyang may pinakamahusay na kabatiran sa pag-unlad ng pag-aaral ng iyong anak.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa NAPLAN at /o ang paglipat sa online, bumisita sa www.nap.edu.au